# TATLONG PANCIT CANTON

May hindi ako malilimutang eksena tungkol sa utang. Nangyari ito noong nasa grade school ako. Bata pa lang ako, alam ko na ang salitang utang. Paanong hindi ko ito mauunawaan, halos linggo-linggo kaming may utang sa kapitbahay naming may-ari ng tindahan sa compound na tinitirahan namin. Kung hindi man sa tindahan, sa kumare't kumpare nina Papa at Mama sila may utang.

"Tatlong pancit canton!" bilin ni Mama sa pangatlo kong ate. "Dagdagan kamo 'yung utang natin, bayaran na lang mamaya pagdating ni Papa mo." Dagdag na bilin ni Mama sa ate ko.

Dahil Sabado nang araw na iyon, siguradong makakabayad kami ng lingguhang utang sa tindahan. Ito rin naman ang sinisigurado ni Papa't Mama. Ayaw nilang masira sa kapitbahay naming may-ari ng tindahan na kamag-anak din namin, dahil kada Sabado ang pangako nilang magbabayad ng utang. Tuwing Sabado ang lingguhang sahod ni Papa bilang construction worker, at ito rin ang araw ng pagbabayad sa mga kautangan namin. Masaya na kung may matitirang pera bilang panggastos sa susunod na linggo.

"Na pa'no ka?" tanong ni Mama sa ate kong inutusan. Namumula ang mata at may kasama pang paghikbi at walang bitbit na tatlong pancit canton. "Na pa'no ka nga?" tanong ulit ni Mama pero nasa mataas ng tono. "Eh, kasi sabi sa 'kin, ayos ha, parang bumili lang!" Tinutukoy ng ate ko ang uutangin sanang tatlong pancit canton para maging ulam sa pananghalian namin.

“Nagjo-joke lang ‘yun!” sabi sa kanya ni Mama. Nagtatahi no’n si Mama sa mga short at damit naming sira. “Binibiro ka lang no’n!” sabi ulit ni Mama. Ngumingitingiti pa siya, na parang sinasabing, biro lang naman talaga ‘yun. Kilala ko ang pangatlo kong ate, dinadamdam niya ang bawat masasakit na sasabihin sa kanya ng ibang tao. Kaya alam kong hindi isang biro para sa kanya ang sinabi ng may-ari ng tindahan.

Nakaramdam ako ng lungkot pero nakaramdam din ako ng pagpapasalamat sa sarili ko na hindi ako ang inutusan ni Mama na umutang ng tatlong pancit canton. Naging makasarili ako nang mga oras na ‘yun. At least, hindi ko narinig ang birong ‘yun ng may-ari ng tindahan. Hindi ako napahiya sa maraming tao. Naisalba ko ang dignidad ko sa ngalan ng utang at sa joke na hindi ko kailanman matatawanan.

Nagsasaing na ang isa kong ate. Ulam na lang ang kulang para maka-survive sa isang araw ng pananghalian. Maya-maya, may kumatok. Ako ang nagbukas ng pinto, ang pinsan ko ang nasa labas, anak ng may-ari ng tindahan. May dalang tatlong pancit canton. “Umalis kasi ate mo!” natatawang sabi niya sa ‘kin. Kinuha ko ‘yung tatlong pancit canton at umalis na rin ang pinsan ko. “Ma! Ito na ‘yung pancit canton.” Sabi ko. Niluto ng isa kong ate ang tatlong pancit canton at pinagkasiya namin ito sa aming pananghalian. “Lunukin n’yo kung ano ang sasabihin ng ibang tao, dahil kayo ang nangungutang.” Nasa himig ng pagpapaalala si Mama sa aming lahat. Nasa isip-isip ko, kailangan bang maging mababa ang kalagayan ng mga taong nangungutang? Kailangan bang lunukin, kahit pa mahirap lunukin ang mga masasakit na sasabihin ng ibang tao dahil sa nangungutang tayo? Kaya ipinangako ko sa sarili kong, kailanman hinding-hindi ako mangungutang.

Akala ko okay na ang lahat dahil nabusog naman kami kahit papa'no ng inulam naming pancit canton. Pero, nagkakamali ako, hindi pala okay ang lahat. Matapos mananghalian, may mga nakatambay na mga nanay sa compound namin na katatapos lang ding sa pananghalian. As usual, usapang may kaunting tsismis o kung minsan, tsismis na may kaunting usapan, pero madalas – talagang tsismis lang.

Hindi yata nabusog ang Mama ko sa inulam niyang pancit canton. Kaya naman, habang nanunungkit ng mga damit namin, shini-share n'ya 'yung eksena ng ate ko at ng may-ari ng tindahan kanina bago pa man kami makapagpananghalian. "Eh, lingguhan naman kami nagbabayad ha, e 'di sana kung hindi kami nagbabayad, pwede niyang sabihin 'yun!" litanya ng Mama ko sa mga nagsisieta matapos kumain. "Ano bang inuutang namin, mga ulam lang naman ha." Dagdag pa niya.

May nakarinig sa litanya ng Mama ko sa may-ari ng tindahan. Beshie ng may-ari ng tindahan ang nagsumbong sa mga pinagsasabi ng Mama. Kaya naman, bumukas ang pinto ng may-ari ng tindahan at padabog itong nagsara. "Ano ba! Kanina pa ako rinding-rindi ha!" sigaw ng may-ari ng tindahan. Pinatutungkulan ang Mama kong may hawak na mga damit. Dito nagsimula ang mga maanghang na salitaan ng Mama ko at ng may-ari ng tindahan. Mas maanghang pa sa hot and spicy flavor ng pancit canton. Kilala kong hindi magpapatalo sa anumang away ang Mama ko, basta ang alam niyang nasa tama siya.

"Eh, anong gusto mong sabihin sa sinabi mo sa anak ko na, ayos ha, parang bumili lang!" Pagsisimula ng Mama ko na parang nagsisimula ring pakuluan gaya ng pancit canton. "Bakit, hindi ba kami nagbabayad kada Sabado? Nagbabayad naman kami ha, para pagsalitaan mo kami ng ganyan, okay sana kung hindi kami nagbabayad!" tuluyan

na ngang kumulo ang pancit canton lalo na ang damdamin ng Mama ko. Ang kaninang “nagjo-joke lang ‘yun” ay hindi pala tunay na gustong sabihin ng Mama ko para sa ate ko at sa aming lahat.

Hindi makasagot ang may-ari ng tindahan sa hot and spicy na bunganga ng Mama ko. Halos walang preno kung magsalita ang Mama ko sa may-ari ng tindahan. Inaawat naman ng ibang nanay ang dalawa at iniiwasan ang magkapisikalan. Marami ng nagbukas ng pintuan at nasaksihan ang paghahalo ng seasoning mix sa pancit canton. Umiyak ang may-ari ng tindahan. Walang tigil naman ang bunganga ng Mama ko. Ang kaninang hot and spicy, naging chilimansi na lang. Naging mahinahon na rin ang paligid. Nag-sorry ang may-ari ng tindahan.

Nalaman ko sa araw na iyon ang asim at anghang ay hindi lamang sa flavor ng pancit canton kundi sa resbak ng Mama ko sa may-ari ng tindahan. Hindi ko kailangan timbangin kung sino ang tama at mali. Basta ng araw na ‘yun, malaking pagkakakamali ang yurakan ang pagkatao ng mga nangungutang, ng mga nangangailangan. Hindi kailanman naging makatao ang ipakitang nakakaangat ka, sa mga taong humihingi ng tulong upang malampasan ang isang pananghalian.

***

Nang maging teacher ako sa isang private school, akala ko makakatakas na ako sa utang. Umutang ako sa school na pinagtuturuan ko para sa ticket na gagamitin ko sa Cuneta Astrodome, dahil doon ang oath taking naming pumasa noong September 2017 Licensure Examination for Teachers. Hindi utang ang term nila kundi ang pinasosyal at

pina-professional na term: cash advance.  “500 ang kaltas nito ha, kada kinsenas ng sahod natin.” Bilin sa ‘kin ng taga-accounting. 1,500 ang inutang ko, sapat na para sa ticket at panggastos na rin. Naisama ko sina Papa at Mama sa oath taking ko sa Cuneta Astrodome nang dahil sa inutang kong pera.

Dahil may nakakabit ng LPT sa pangalan ko, nagpasya akong magpasa ng requirements para maging teacher sa public school. Kaya naman, nagpasa na rin ako ng resignation letter gamit ang papel at ink ng school na pinagtuturuan ko. Ipinasa ko ito sa principal namin. “Nako! Hindi dahil may lisensya na tayo, makakapasok agad tayo sa public.” Hindi ko alam kung paalala, babala o advice ito sa ‘kin ng principal o sadyang ayaw niya lang ako mag-resign. “Opo Mam!” ito na lang ang nasabi ko.

Tambay ako nang halos apat na buwan matapos kong mag-resign sa pinagtuturuan kong private school. Naghihintay na lang ako ng results sa ranking para sa Teacher I position ng public school. Matapos ang ilang paghihintay, nakatanggap ako ng text na pumasa ako sa ranking at pinagpapasa na ako ng requirements ng school na kumuha sa akin, ang alma mater ko noong high school.

“Tanggap na ako sa public!” sabi ko kay Mama. “Kailangan ko na lang magpasa ng requirements at medical.” Dagdag ko. “Nasa magkano ‘yun?” tanong sa ‘kin ni Mama. Hindi ko alam kung magkano ang kakailanganin ko sa paglalakad ng requirements at medical. “Kasya na siguro ang 2K!” sabi ko. “Pa’no ‘yan, wala kong pera, tingnan ko kung makakautang ako.” Agad namang pumunta ang Mama ko sa kapitbahay namin para makautang ng pera.

Ang lungkot at nakapanliliit ng sarili, lalo na't may LPT na ang pangalan ko, lalo na't teacher na ako, pero narito pa rin ako sa hindi matapos-tapos na prusisyon ng utang. Hindi isang living proof ang lisensya ko sa pagtuturo para hindi ako magkaroon ng utang sa ibang tao. Isa lang itong simpleng PVC na kailangan kong i-renew after three years. Hindi ito ang makapagsasabing "debt free" na ako.

Nakapaglakad ako ng requirements at medical ko gamit ang inutang na pera ng Mama ko. Kailangan kong magpa-aunthenticate ng PRC ID at PRC Rating ko sa Morayta, Maynila. May nakapagsabi na rin sa 'kin na may murang medical sa may Libertad, kaya doon na rin ako pumunta. Rush ang pagpapa-aunthenticate ko sa PRC ID at PRC Rating ko. Ibig sabihin maaga kong makukuha pero mas mahal sa regular na presyo. No choice! Sabi ko na lang sa sarili ko. Tinitipid at pinakakasya ang 2K, kaya tinitipid ko rin ang sarili ko sa pagkain. Kailangan, pananghalian lang ang kakainin ko at wala ng iba pa. Iniisip ko rin kung makakauwi pa ba ako, pero mukhang makakauwi pa naman kung sa PNR ako sasakay.

Ilang buwan lang, certified public teacher na ako. Gaya ng dati, laging may maling akala. Akala ko, okay na hindi na naman. Delayed ang pasahod sa aming mga bagong *in* sa serbisyo. "Baka sa November pa kayo makakasahod." Sabi ng accounting namin. August ako natanggap sa trabaho. Iniisip ko kung paano ako makaka-survive sa ilang buwan kong pagtuturo na wala munang sahod. Tiis-tiis muna, iyan ang gustong sabihin ng utak ko sa pagod ko ng katawan kakaisip kung kailan ako magkakapera. Iniisip ko rin ang 2K na inutang ni Mama, baka tubuan ang perang 'yon. Ilang buwan na ang nakalipas, hindi pa rin ako nakakabayad.

“Kain na tayo!” pagyaya sa ‘kin ng mga co-teachers ko (mga dati ko ring teacher noong high school ako). Hindi ko alam ang isasagot, kung sasabay ba ako sa pananghalian nila sa canteen, wala pa akong pera. Pamasahe lang ang meron ako. “Sumama ka na!” ito ang sabi ng head ko. Nabasa niya siguro ang nasa isip ko. Ang pananghalian at merienda ko sa araw-araw sa school ay utang mula sa canteen. “Palista muna ako Ate Ann!” sabi ko sa tagaluto sa canteen. Nahihiya akong mangutang sa canteen, pero wala akong magagawa kundi umutang, dahil tao rin akong nagugutom at napapagod. Minsan, kape lang ang inuutang ko, para kahit papa’no, maliit na presyo lang ang utang ko.

Sa mga susunod na buwan, naramdaman ko rin ang ligaya sa buhay. “Makakasahod na kayo!” sabi sa ‘kin ng taga-accounting. “Check n’yo na lang sa ATM n’yo, kung may pumasok na.” dagdag pa niya. Ito na nga’t mararanasan ko nang maipasok ang kauna-unahan kong ATM card sa ATM machine.

Dala-dala ang unang na-withdraw at dalawang gallon ng ice cream bilang pasalubong sa bahay sa una kong sahod. “May sahod na ako!” sabay abot ng pera sa Mama ko. Tuwang-tuwa ang Mama ko na parang nakahinga nang maluwag dahil may sahod na ako. “Yung 2K kay Ate Nida, d’yan na lang kunin.” Sabi ko. Mababayaran ko na rin ang inutang kong pera sa pagproseso ng requirements at medical ko. Nabayaran ko na rin ang mga nakalistang kinain ko sa canteen. Gayon din ang iba kong utang sa head ko. Ang sarap sa pakiramdam nang mabayaran ko ang mga pagkakautang ko. Kahit papaano, nawala ang panliliit ko sa sarili ko. Ganito pala ang pakiramdam ng makagamit ng ATM card at makahawak ng ilang libo ang kamay ko.

***

Pagkaraan ng isang taon bilang public school teacher, napagdesisyunan kong mangutang sa isang private lending company. Malaki-laking halaga ng pera ang inutang ko, na gagamitin ko sa pagpapagawa ng bahay namin. Ilang taon na rin kaming nagtitiis sa tumutulong bubong at binabahang sahig. Gusto ko namang maramdaman ang magkaroon nang maayos na tahanan. Kumportable para sa akin at sa magulang ko. Ito naman talaga ang pangarap ko noon pa.

Kahit papa'no, nasimulan ang pagpapagawa ng bahay, pero nitong kumakalat ang pandemya sa buong mundo, nagkataon ding na-diagnosed ang ate ko na may mga bato sa kanyang gall bladder. Siya ang ate kong inutusang umutang ng tatlong pancit canton. Mahigpit na ipinapatupad ang hindi paglabas ng bahay sa kasagsagan ng pandemya. Ang mga hospital ay puno ng mga kaso ng COVID-19. Kaya naman, napilitan kaming ipagamot at ipaopera ang ate ko sa isang private hospital. "Walang kapera-pera ang ate mo." Ito ang sabi sa 'kin ni Mama. Umabot nang mahigit 100K ang bill ng ate ko. Hindi namin alam kung saan kukunin ang ganong halaga. "Magpapahiram ako ng 20K!" sabi ko. 'Hiram' ang ginamit kong term. Ang perang iyon ay mula sa inutang ko sa private lending.

Nagdagdag ulit ako ng 20K dahil kulang ang pagpapaopera. Ang ibang kulang na pera ay inutang naman ng asawa ng ate ko sa kanilang kamag-anak. Wala ng natira sa inutang kong pera sa private lending. Sa isip-sip ko, mahalaga ang buhay kaysa bahay. Maliliit pa ang dalawang anak ng ate ko. Ayokong mawalan sila ng nanay sa murang edad. Kaya bahala na, kung hindi matapos ang pagpapagawa sa bahay. Bahala na kung may pera pang matitira sa 'kin o wala. *Bahala* ang laging nasa isip ko sa mga oras na

‘yun. Mahalaga ang buhay ng ate kong sumubok mangutang ng tatlong pancit canton para maka-survive kami sa isang pananghalian noon. Hindi na mahalaga kung maubos ang inipon kong pera, kung ang magiging resulta naman nito ay para sa isang pangmatagalan pananghalian ng ate ko kasama ang kanyang pamilya.

Hindi ko natupad ang pangako ko sa sarili ko na hinding-hindi ako mangungutang. Takot akong hindi ko mabayaran ang inutang ko sa pinag-usapan naming araw ng bayaran. Bukod kasi sa perang inuutang, inuutang mo rin ang tiwala ng taong nagpautang sa’yo. Lagi kong naririnig sa Papa ko ang ganitong pahayag: *Walang gustong magpautang sa 'kin, kasi alam nilang construction worker lang ako.* Ito ang madalas niyang sinasabi sa mga kainuman niya kapag napag-uusapan ang utang. Kapag naririnig ko ‘yun, nasasaktan ako para sa Papa ko. Walang tiwala ang tao sa kanyang magpautang dahil construction worker ang trabaho niya. Ang pagpapautang ay kaakibat din ng kung anong trabaho meron ka, kung nasa regular na trabaho ka, paniguradong may magpapautang sa ‘yo, dahil alam nilang makakabayad ka.

Hindi man pagkatiwalaan ng ibang tao ang Papa ko pagdating sa utang, mas nagtitiwala ako sa kakayahan ng Papa kong makapagbayad ng utang. Prinsipyo niya iyon sa sarili niya. Hinding-hindi niya kailanamn tatakasan anumang pagkakautang niya sa ibang tao. Kahit ang utang na loob na mayroon siya sa ibang tao at maging sa kamag-anak, alam kong patuloy niya itong binabayaran kahit hindi naman niya kailangang gawin. Hindi kailaman tumakas sa obligasyon ang Papa ko at alam kung gagawin niyang umaga ang gabi at gabi ang umaga para lamang makabayad sa kanyang mga inuutangan.

***

Sa tuwing mag-aamusal ako ng pancit canton, lagi't laging magpapaalala ang mga eksena noong bata pa kaming lahat. Ang eksena ng ate ko, ng mama ko at ng may-ari ng tindahan. Fresh na fresh sa memorya ko ang lahat. Baka gustong ipaalala sa akin ng tatlong pancit canton ang mga bagay at pagkakataong kumakapit kami sa utang para makakain lang sa isang araw. Pagpapaalala na ang tatlong pancit canton na ito ang nagsalba sa aming pananghalian. Ang tatlong pancit canton din na ito ang nagpakita sa akin ng mundo na hindi lahat makakaunawa sa sitwasyon ng mga taong nangangailangan.

Hanggang ngayon, masarap pa rin ang pagkain ko ng pancit canton. Nag-iba man ito ng hugis at packaging, tumaas man ang presyo nito, ito pa rin ang pancit canton na pinagsaluhan namin sa aming pananghalian noon. Ito rin ang pancit canton na magpapaalala sa iba't ibang flavor ng utang. May chilimansi at may hot and spicy flavor ang utang chronicles namin noon hanggang ngayon pa rin naman. Ito ang pancit canton na magpapaalala, na hindi lahat ng jokes ay kaya nating tawanan gaya nito: *ayos ha, parang bumili lang!*